

Iskema ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho



Ang Iskema ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho ay nakatakda sa ilalim ng Ordinansa ng Pagkabingi (Kompensasyon) dahil sa Trabaho upang bigyan ng kompensasyon ang mga taong nakakaranas ng pagkabingi na sanhi ng ingay dahil sa kanilang trabaho.

Aplikasyon para sa Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho

Batayan sa Pagiging Karapat-dapat

© **Ano ang mga kwalipikadong kondisyon para sa kompensasyon?**

Sinumang tao na nakapagtrabaho sa itinuturing na maingay na trabaho sa Hong Kong ay maaaring mag-aplay para sa kompensasyon kung nakakaranas ito ng pagkabingi na sanhi ng ingay dahil sa trabaho. Ang pagkabingi dahil sa trabaho ay isang karamdaman na dulot ng pagtatrabaho at dapat makamit ng isang tao ang sumusunod na kinakailangan sa propesyonal at sa pagkawala ng pandinig bago siya magiging karapat-dapat sa kompensasyon.

Sinuman na pinagkalooban ng kompensasyon para sa pagkabingi dahil sa trabaho ay maaring mag-aplay sa karagdagang kompensasyon kung siya ay patuloy na nagtrabaho sa itinuturing na mga maingay na okupasyon at nakakaranas ng mas malubhang pagkawala ng pandinig na may kalakip na karagdagang porsiyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad.

A. Kompensasyon sa Unang Pagkakataon

1. Mga Kinakailangan sa Trabaho:

- (a) hindi bababa sa 10 taon ng kabuuang pagtatrabaho sa tinuturing na maingay na okupasyon sa Hong Kong o hindi bababa sa 5 taon kung sakaling sa 4 na okupasyon na lubhang maingay; at
- (b) nakapagtrabaho nang may tuloy-tuloy na kontrata sa tinuturing na maingay na okupasyon sa Hong Kong ng 12 buwan bago gumawa ng aplikasyon para sa kompensasyon. (Ang tuloy-tuloy na kontrata ay kontrata sa trabaho kung saan ang empleyado ay nagtrabaho sa iisang amo sa loob ng 4 na linggo o higit pa, bago pa ang ibinigay na petsa, na may kahit 18 na oras kada linggo sa loob ng apat na linggo.)

2. Mga Kinakailangan sa Pagkawala ng Pandinig:

- (a) Pagkawala ng pandinig sa dalawang tainga - sensorineural na pagkawal ng pandinig na umaabot sa hindi bababa sa 40 dB bawat tainga, kung saan ang pinsala sa isang tainga ay dahil sa ingay ; **o**
- (b) Pagkawala ng pandinig sa isang tainga - sensorineural na pagkawala ng pandinig na umaabot sa hindi bababa 40 dB sa isang tainga lamang, kung saan ang dahilan ng pinsala ay ingay.

Ang sensorineural na pagkawala ng pandinig na binanggit sa taas ay nakuha sa average na pagkawala ng pandinig na nasukat gamit ang audiometry sa dalas na 1, 2 at 3 kHz .

B. Karagdagang Kompensasyon

1. Mga Kinakailangan sa Trabaho:

- (a) hindi bababa sa 3 taon ng kabuuang pagtatrabaho sa tinuturing na maingay na okupasyon sa Hong Kong pagkatapos ng petsa ng kanyang huling aplikasyon sa kompensasyon na naaprobahan ; **at**
- (b) nakapagtrabaho na may tuloy-tuloy na kontrata sa tinuturing na maingay na okupasyon sa Hong Kong sa loob ng 12 buwan bago nakagawa ng aplikasyon para sa karagdagang kompensasyon.

2. Mga kinakailangan sa pagkawala ng pandinig na may karagdagang permanenteng pagkawala ng kapasidad:

- (a) Pagkawala ng pandinig sa dalawa o isang tainga; **at**
- (b) ang porsiyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad ay mas malala kaysa sa huling aplikasyon ng kompensasyon na naaprobahan.

© Mayroon bang hangganan ang paggawa ng aplikasyon?

Ang sinuman na nagtatrabaho pa rin sa tinuturing na mga maingay na okupasyon at tugma sa mga kondisyon na nasa itaas ay maaaring mag-aplay para sa kompensasyon anumang oras.

Sinumang tao na hindi na nagtatrabaho sa tinuturing na mga maingay na okupasyon ay dapat na mag-aplay sa loob ng 12 buwan mula sa huling pinagtrabahuan.

© Ano-ano ang mga itinuturing na maiingay na mga okupasyon?

Mayroong 29 na klase ng itinuturing na maiingay na mga okupasyon. Kasama rito and mga trabaho na kasangkot ang -

- 1. Ang paggamit ng power driven grinding tools sa bakal o sa mga billets ng bakal o blooms, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga tools na iyon habang ito ay kanilang ginagamit;
- 2. Ang paggamit ng power driven percussive tools sa bakal o sa mga billets ng bakal o blooms, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga tools na iyon habang ito ay ginagamit;
- 3*. Ang paggamit ng power driven grinding, chiselling, cutting o percussive tools sa bato, kongkreto o marmol o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga tools na iyon habang ito ay kanilang ginagamit;
- 4. Nakatuon ang trabaho sa mga lugar na malapit sa planta (maliban sa palnta ng power press) na nagsasagawa ng pagpanday (kasama ang drop stamping) ng bakal sa pamamagitan ng closed o open dies o drop hammers;
- 5. Pagtatrabaho sa textile manufacturing kung saan ang trabaho ay isinagawa sa mga silid o sheds kung saan may mga makina para sa paghahabi na gawa ng tao o natural (kabilang ang mineral) na mga hibla o sa high speed false twisting ng mga hibla.
- 6. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, makinang nagsasagawa ng cutting, shaping, o paglilinis ng metal nails o screws.
- 7. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, plasma spray guns na nagpoposisyon at nag-aalis ng bakal.
- 8. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, kahit saan sa mga makinang nasa ibaba: multi-cutter moulding na makina, planing na makina, automatic o semi-automatic lathes, multiple cross-cut na makina, automatic shaping na makina, double-end tenoning na makina, vertical spindle moulding na makina, (kasama ang high-speed routing na makina), edge banding na makina, bandsawing na makina na may kasamang blade na may lapad ng hindi bababa sa 75 mm at circular sewing na makina.
- 9. Ang paggamit ng mga chain saw;
- 10*. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, makina na nagsasagawa ng percussive pile o metal plank driving sa mga lugar ng konstruksyon;
- 11*. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga operasyon ng abrasive blasting;

12. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, makina na nagsasagawa ng paggiling ng salamin.
13. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makina na nagsasagawa ng pagdurog o pag-screen ng mga bato o pagsasama sama ng bato;
14. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, makina na nagsasagawa ng pagbubutil ng mga materyales na plastik;
15. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makina o hand tools na ginagamit para maibaba ang mga barko;
16. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga internal combustion engines o turbines o pressurized na fuel burners or jet engines;
17. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga lugar kung saan nagkukumpuni ng mga katawan ng sasakyan, o paggawa ng metal articles sa pamamagitan ng manu-manong pagmamartilyo;
18. Ang paggamit ng, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga, makina na nagsasagawa ng extruding ng mga materyal na plastik;
19. Ang paggamit ng paper corrugating na makina, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makinang iyon habang ito ay ginagamit;
20. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makinang nagsasagawa ng pagpapaputi at pagtitina ng tela gamit ang pressurized steam;
21. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga glass-bottling lines;
22. Nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga metal-can bottling lines;
23. Ang paggamit ng makina para sa pagtiklop ng papel, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makina habang ito ay ginagamit;
24. Ang paggamit ng makinang high speed web-fed offset printing, o nakatuon ang pagtatrabaho sa mga lugar na malapit sa mga makinang iyon habang ito ay ginagamit;
- 25*. Nakatuon ang pagtatrabaho na malapit sa mga lugar na may operasyon ng pagpapaputok ng baril;
26. Nakatuon ang pagtatrabaho na malapit sa mga lugar na kung saan isinasagawa ang pagkukuryente sa mga baboy sa kadahilan ng pagkakatatay nito;
27. Paglalaro ng mahjong (bilang pangunahing trabaho) sa loob ng isang mahjong parlour na naka lisensya sa ilalim ng seksyon 22(1)(b) ng Ordinansa ng Pagsusugal (Cap. 148);
28. Naghahanda o naglilingkod ng inumin (bilang pangunahing trabaho) sa mga lugar malapit sa sayawan ng isang discohan; o
29. Tagapagkontrol o tagapagpatakbo ng isang sistema para sa pag-play back at pagpapatugtog ng isang recorded na musika sa isang discohan.

* Itong apat (4) na mga maiingay na okupasyon ay nangangailangan lamang ng isang minimum na limang (5) taong pagtatrabaho

© **Mga halimbawa ng mga tinuturing na maiingay na okupasyon:**

- paggamit ng niyumatik na barena, mga pile driver o mga makinang pandurog ng bato sa lugar ng konstruksyon o mga quarry;
- paggamit ng mga makinang pangsulid o panghabi sa mga pabrika ng tela;
- paggamit ng power press o makinang panlalik sa mga pabrika ng bakal;
- paggamit ng makinang panlalik, makinang pang pantay, mga pabilog na makinang panlagari o high-speed routing na makina sa pagkakarpinterya;
- paggamit ng mga makinang pambutil ng mga plastik sa mga pabrika ng plastik.

Mga Paraan ng Aplikasyon

© **Paano mag-aplay?**

Ang mga claimant ay dapat na magpasa ng kompletong aplikasyon sa Lupon ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho.

© **Anong impormasyon ang dapat na ibigay ng claimant sa Lupon?**

Bukod sa personal na mga detalye, dapat ring magbigay ng mga detalye tungkol sa mga nakaraang trabaho sa maiingay na okupasyon tulad ng sumusunod:

1. pangalan , tirahan, at numero ng telepono ng employer;

2. ang petsa ng pagtatrabaho, post, kita at mga detalye na nauugnay sa paggamit ng maingay na mga tool/makina; at
3. ang mga contact address at numero ng telepono ng dalawang katrabaho na alam ang mga detalye tungkol sa pakikilahok ng claimant sa nasabing trabaho.

© **Bakit kinakailangan ng claimant na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga katrabaho nito?**

Para sa pagpapatunay sa kasaysayan ng trabaho ng claimant, ang Lupon ay maaaring mangailangan na kontakin ang kanyang mga katrabaho para linawin ang mga detalye ng trabaho nito.

© **Kailangan ba na magbigay ng dokumentaryong ebidensya ang claimant kapag nagsusumite ng aplikasyon?**

Ang claimant ay dapat na gawin ang lahat para makapagsumite ng isang dokumentaryong ebidensya na makakapagpatunay ng kanyang dating trabaho sa isang maingay na okupasyon. Ang ilan sa mga halimbawa nito ay:

1. mga sulat mula sa employer na nagpapatunay ng haba ng pagtatrabaho, post at kita ng claimant;
2. mga kontrata ng trabaho;
3. notipikasyon sa pagkalkula ng kabayaran sa pagkawala ng trabaho o kabayaran sa pagwawakas ng trabaho;
4. mga salary tax returns na isinumite ng employer;
5. mga dokumento na naglalaman ng kontribusyon ng ipinag-uutos na provident fund; o
6. mga resibo ng sahod, atbp.

Bukod dito, dapat ding magbigay ng dokumentaryong ebidensya ang claimant tungkol sa mga kita nito na natanggap mula sa kanyang huling 12 buwan sa trabaho sa itinuturing na maingay na okupasyon bago ang petsa ng kanyang aplikasyon.

© **Paano ipoproseso ng Lupon ang aplikasyon para sa kompensasyon?**

Matapos matanggap ang isang aplikasyon, ang unang magsasagawa ang Lupon ng isang beripikasyon sa trabaho. Makikipag-ugnay ito sa mga employer at katrabaho upang matiyak ang mga detalye ng trabaho ng claimant ay tama.

Pagkatapos ng beripikasyon, ipapaalam ng Lupon sa claimant na nakapasa sa mga kinakailangan sa trabaho upang maisailalim ito sa pagsusuri ng pagdinig. Kailangang dumalo ng claimant sa mga pagsusuri sa pandinig at medikal na pagsusuri na inayos ng Lupon para masigurado nito na natutugunan ang kanyang mga kinakailangan sa pagkawala ng pandinig.

Pagkatapos kumpirmahin na ang claimant ay natugunan ang mga kinakailangan para sa kompensasyon, isang sertipiko ng pagpapasiya ng kompensasyon ang ibibigay ng Lupon sa kanya. Makikita sa sertipiko ang porsyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad na nagresulta sa pagkakabingi sa trabaho at ang halaga ng kompensasyon na babayaran. Kung ang claimant ay sumasang-ayon sa halaga ng kompensasyon, ibibigay ng Lupon sa kanya ang bayad nang naaayon. Ang claimant ay mawawalan ng karapatang tumutol sa halaga ng kompensasyon sa sandaling natanggap na nito ang kabayaran.

Kung sa anumang yugto, natukoy ng Lupon na ang isang claimant ay hindi karapat-dapat para sa kompensasyon, maglalabas ito ng isang abiso ng pagtanggì sa kanya. Ang mga dahilan ng pagtanggì ay nakasaad sa abiso.

© **Kung ang claimant ay hindi nasiyahan sa desisyon ng Lupon, ano ang dapat niyang gawin?**

Maaaring hilingin sa Lupon ng claimant na suriin ang desisyon nito sa pagpapadala ng isang nakasulat na kahilingan sa Lupon na nagsasaad ng kanyang mga dahilan sa loob ng 14 na araw simula sa petsa ng pag-abiso ng pagtanggì o sertipiko ng pagpapasiya ng

kompensasyon. Sa pagtanggap ng kahilingan, rerepasuhin ng Lupon ang aplikasyon at ipapaalam sa claimant ang resulta sa pagpapadala ng sulat.

☉ **Kung hindi parin nasiyahan ang claimant sa isinagawang pagsusuri ng resulta, ano ang dapat niyang gawin?**

Maaaring mag-apela sa Korte ng Distrito ang isang claimant na hindi nasiyahan sa resulta ng pagsusuri na isinagawa ng Lupon. Dapat na magawa ang apela sa loob ng 6 na buwan mula sa pagpapasiya ng pagsusuri na ginawa ng Lupon, maliban nalang kung ang Korte ng Distrito ay pumayag na palawigin ang limitasyon sa oras.

☉ **Maaari parin bang makapag-aplay muli ang isang claimant kung ang kanyang aplikasyon ay tinanggihan na ng Lupon?**

Ang claimant na tinanggihan ang aplikasyon o pagkatapos ng Marso 6, 1998 dahil sa hindi pagtupad sa mga **kinakailangan sa pagkawala ng pandinig** ay maaaring mag-aplay muli kung siya ay nagtrabaho sa Hong Kong nang hindi kukulangin sa 2 taon sa anumang itinuturing na maingay na trabaho pagkatapos ng petsa ng dati niyang aplikasyon.

Kung tinanggihan ang claimant dahil sa hindi pagtupad sa mga kinakailangan sa trabaho, maaari itong mag-aplay muli sa Lupon anumang oras kung sa tingin niya ay malapit na niyang matugunan ang mga kinakailangan sa trabaho, sa isang kondisyon na dapat ang isang aplikasyon ay ginawa sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng huli siyang nagtrabaho sa mga nasabing okupasyon..

☉ **Maaari bang bawiin ng isang claimant ang kanyang aplikasyon?**

Maaaring umatras ang isang claimant sa anumang oras bago ito sumailalim sa isang pagsusuri sa pandinig na inayos ng Lupon. Kapag sumailalim na ang isang claimant sa anumang pagsusuri sa pandinig o medikal na pagsusuri na inayos ng Lupon, ang Lupon ay may kapangyarihan na magpasiya sa kanyang aplikasyon kahit na humiling ito na bawiin ang aplikasyon.

Pagkalkula ng kompensasyon

☉ **Paano ba tinutukoy ang halaga ng kompensasyon?**

Ang halaga ng kompensasyon na mababayaran sa isang claimant ay natutukoy alinsunod sa kanyang edad sa oras ng aplikasyon, buwanang kita at porsyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad/karagdagang porsyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad tulad ng sumusunod:

Edad	Halaga ng Kompensasyon	
Mas mababa sa 40	96 na buwang kita	$\left. \begin{array}{l} \\ \\ \end{array} \right\} \begin{array}{l} \% \text{ ng permanenteng pagkawala ng kapasidad} \\ \text{(kompensasyon para sa unang pagkakataon)} \\ \text{o} \\ \text{karagdagang } \% \text{ ng permanenteng pagkawala} \\ \text{ng kapasidad (karagdagang kompensasyon)} \end{array}$
40 hanggang 56	72 na buwang kita	
56 o mas mataas pa	48 na buwang kita	

☉ **Paano ba tinutukoy ang halaga ng buwanang kita?**

Alinsunod sa Ordinansa ng Pagkabingi dahil sa Trabaho (Kompensasyon), nangangahulugan na ang buwanang kita ay ang average na buwanang kita na natanggap ng claimant sa kanyang trabaho sa huling 12 buwan sa itinuturing na maingay na trabaho sa Hong Kong bago ang petsa ng aplikasyon. kapag hindi makapagbigay ang claimant ng dokumentaryong ebidensya ng kanyang mga kinita o ang ebidensyang ibinigay ay hindi tinanggap ng Lupon, kakalkulahin ang kompensasyon sa pamamagitan ng median employment earnings ng kabuuang empleyado na nagtrabaho sa Hong Kong na inilathala ng Kagawaran ng Sensus at

Estatistika. Sa alin mang kaso, ang pinakamataas na halaga ng ay \$38,670 para sa layunin ng pagkalkula ng halaga ng kompensasyon.

Ang Lupon ay magpapasiya kung ano ang buwanang kita nito tulad ng nasa itaas, at pag-iisipan din ang mga nauugnay na mga probisyon sa ilalim ng Ordinansa ng Minimum na Sahod.

© **Anong mga dokumento ang itinuturing bilang ebidensya ng kita?**

Nasa ibaba ang ilang mga halimbawa ng dokumentaryong ebidensya ng mga kita:

1. mga sulat na mula sa employer na nagpapatunay sa mga kita na natanggap ng claimant para sa huling 12 buwan na trabaho sa itinuturing na maingay na trabaho;
2. mga salary tax returns na isinumite ng employer;
3. mga libro ng talaan ng sahod;
4. mga dokumento ng kontribusyon ng ipinag-uutos na provident fund; o
5. mga kontrata sa trabaho, atbp.

© **Paano natutukoy ang porsyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad?**

Ang porsyento ng permanenteng kapasidad na dinanas ng claiman ay tinutukoy sa pamamagitan ng reperensiya sa sumusunod na talahanayan:

Average na pagkawala ng pandinig (dB) sa 1, 2, 3 kHz na mga frequency na tinukoy ng mga Lupon Porsyento ng permanenteng pagkawala ng kapasidad		PARA SA MAS MAAYOS NA TAINGA											
		mas mababa sa 40dB	40 hanggang 45 dB	45 hanggang 50 dB	50 hanggang 55 dB	55 hanggang 60 dB	60 hanggang 65 dB	65 hanggang 70 dB	70 hanggang 75 dB	75 hanggang 80 dB	80 hanggang 85 dB	85 hanggang 90 dB	90dB o mas mataas pa
PARA SA HINDI MAAYOS NA TAINGA	40 hanggang 45 dB	0.5	1										
	45 hanggang 50 dB	1	2	5									
	50 hanggang 55 dB	1.5	3	6	10								
	55 hanggang 60 dB	2	4	7	11	15							
	60 hanggang 65 dB	2.5	5	8	12	16	20						
	65 hanggang 70 dB	3	6	9	13	17	21	25					
	70 hanggang 75 dB	3.5	7	10	14	18	22	26	30				
	75 hanggang 80 dB	4	8	11	15	19	23	27	31	35			
	80 hanggang 85 dB	4.5	9	13	17	21	25	29	33	37	43		
	85 hanggang 90 dB	5.5	11	14	18	22	26	30	34	38	45	51	
	90 dB o mas mataas pa	6.5	13	16	20	24	28	32	36	40	46	53	60

Para sa mga katanungan

Mangyaring makipag-ugnayan sa Occupational Deafness Compensation Board para sa karagdagang impormasyon.

Lokasyon : Office A-B, Billion Plaza II
10 Cheung Yue Street
Cheung Sha Wan
Kowloon
Tel : 2723 1288 / 2723 1928
Fax: 2581 4698
E-mail: contact@odcb.org.hk
Web-site: <http://www.odcb.org.hk>

(04/25)